SINIPI MULA SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 29 HULYO 1996, 9:05 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG PAGLASAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	-
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Ranulfo C. Bernal	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Randy P. Valencia	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 073
Taong 1996

KAPASYAHANG HUMIHILING SA KGG. GELACIO I. YASON, PUNONG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA MULING ITATAG (REORGANIZE) ANG PEOPLE'S LAW ENFORCEMENT BOARD (PLEB) NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T kinakailangang ang People's Law Enforcement Board (PLEB) ng Roxas, Silangang Mindoro ay muling buuin upang legal at maayos na makapagsagawa ng mga tungkulin at responsibilidad ayon sa itinatadhanang batas;

SAPAGKA'T napagkaisahan ng Sangguniang Bayang ito na hilingin sa Kgg. Punong Bayan Gelacio I. Yason na muling buuin (reorganize) ang People's Law Enforcement Board (PLEB) ng Roxas, Silangang Mindoro kung saan si Kagawad Ranulfo C. Bernal bilang Tserman ng Komite sa Police Matters ay isa sa mga miyembro nito batay sa Sec. 43 ng RA 6975.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Cesar T. Baticos na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na hilingin sa Kgg. Gelacio I. Yason, Punong Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na panibaguhin/muling itatag ang People's Law Enforcement Board (PLEB) ng Roxas, Silangang Mindoro upang ito ay legal at maayos na makagpasagawa ng kanilang tungkulin at responsibilidad ayon sa itinatadhanan ng batas.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Punong Bayan Gelacio I. Yason para sa kanyang kaalaman at maagap na pag-aksyon.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang lahat ng kinauukulang tanggapan.

Pinagtibay: 29 Hulyo 1996

PINATUTUNAYAN ko ang pagiging wasto ng kapasyahang ito.

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

SAKSI:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

PINAGTIBAY:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

merz/

Received: 08/1/96